Hindi pumapasok ang mga anghel sa isang bahay na sa loob nito ay may aso ni may larawan."}

Ayon kay Abu Ṭalḥah (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Hindi pumapasok ang mga anghel sa isang bahay na sa loob nito ay may aso ni may larawan."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga anghel ng awa ay hindi pumapasok sa isang bahay na may aso ni larawan ng mga may kaluluwa. Iyon ay dahil sa ang larawan ng may kaluluwa ay isang nakayayamot na pagsuway. Dito ay may panggagaya sa paglikha ni Allāh at isang kaparaanan mula sa mga kaparaanan ng Shirk. Ang ilan sa mga ito ay larawan ng sinasamba bukod pa kay Allāh. Ang kadahilanan naman ng pag-ayaw ng mga anghel sa isang bahay na sa loob nito ay may aso ay dahil sa dami ng pagkain nito ng mga karumihan, dahil ang iba sa mga ito ay tinatawag bilang demonyo at ang mga anghel ay kontra sa mga demonyo, dahil sa baho ng amoy ng aso at ang mga anghel ay nasusuklam sa mabahong amoy, at dahil ang mga ito ay ipinagbabawal alagaan saka parurusahan ang tagapag-alaga ng mga ito ng pagkakait sa kanya ng pagpasok ng mga anghel ng awa sa bahay niya, pagdalangin ng mga ito ng basbas sa loob nito, paghingi ng mga ito ng tawad para sa kanya, pagdalangin ng mga ito ng pagpapala sa kanya at sa bahay niya, at pagtulak ng mga ito ng perhuwisyo ng demonyo palayo sa kanya.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/8950